



タガログ語
Tagalog

はじめに

国際化の進展や経済活動のボーダーレス化に伴い、在県外国人は年々増加し、滞り期間も長期化傾向にあります。こうしたことから、外国人住民と日本人住民が互いの文化や言語習慣などを尊重しながら、共にいきいきと安全・安心で豊かな生活を営む社会づくりを進めることが課題となっています。

当協会では1992年に、在県外国人への情報提供の一つとして、多言語生活ガイドブック「ようこそかがわ」を発行しましたが、その後のインターネットの普及などIT化の進展によって、生活様態は大きく変化してきました。そこで、できるだけ実態に即した実用的なものとなるよう、ガイドブックの内容の見直しを図るとともに、2008年から2009年にかけて新たな生活ガイドブック「くらしらいぶらり」を5言語で作成しました。そして、2012年7月に外国人の新たな在留管理制度がスタートしたことから、このたび内容の一部を改訂しました。

このガイドブックでは、まだ在県期間が短く県内での生活に不慣れな外国の方々や、そうした外国の方々と接する日本の方々を対象に、本県で生活していくうえで必要と思われる情報をなるべく平易な文章で提供できるよう努めています。

外国人住民と日本人住民が多文化共生の創出という目標に向け、少しでも役立てば幸いです。

公益財団法人香川県国際交流協会

Panimula

Kasabay ng mabilis na internasyonalisasyon at pagkawala ng hadlang sa bawat bansa patungkol sa mga gawaing pang-ekonomiya, patuloy ang pagtaas ng bilang ng mga dayuhan sa Kagawa Prefecture taon-taon pati na rin ang tagal ng pamamalagi nila rito. At dahil dito, ang pagbubuo ng isang mapayapa at ligtas na lipunang kinabibilangan ng magkahalang dayuhan at Hapon ay patuloy na nagiging isang malaking hamon ng kasalukuyan.

Noong 1992, ang Kagawa Prefecture International Exchange Association ay naglathala ng guidebook—“Welcome to Kagawa”—na nasasalin sa iba't-ibang wika at naglalayong magbigay ng mga impormasyon sa mga naninirahang dayuhan dito. Subalit, dahil sa pag-unlad ng teknolohiya tulad halimbawa ng malawakang paggamit ng *internet*, malaking pagbabago ang naging dulot nito sa pamumuhay nitong mga nakaraang huling taon. Dahil dito, binago namin ang lumang *guidebook* upang higit na makapagbigay sa inyo ng mas praktikal na impormasyon na angkop sa kasalukuyang kalakaran. Noong taong 2008 hanggang 2009, nilathala ang bagong “Bahay-Aklatan ng Pamumuhay” na nalimbag sa 5 wika. At dahil sa pagpapatupad ng bagong batas patungkol sa paninirahan dito mula noong Hulyo 2012, muling binago ang laman nito.

Sa *guidebook* na ito, pinagtuunan namin ng pansin ang mga impormasyon na sa tingin namin ay higit na makakatulong lalo na sa mga bagong dating o sa mga dayuhang hindi pa sanay sa pamumuhay rito sa Kagawa. Inaasahan namin na makakatulong din ito sa mga Hapon na nais makisalamuha sa kanila. Sinikap din naming ihayag ang mga impormasyon sa istilong madaling maintindihan.

Labis naming ikinalulugod kung ang *guidebook* na ito ay makapagdudulot kahit konti sa pagtataguyod ng multi-kultural na lipunang kinabibilangan ng mga Hapon at ng mga dayuhan.

Kagawa Prefecture International Exchange Association